


Music

Ika-apat na Markahan–Modyul 3: Tekstura ng Napakinggang Musika



Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

Music – Baitang 2

Alternative Delivery Mode

Quarter 4 – Module 3: Tekstura ng Napakinggang Musika

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat/Tagapaglapat: Judy Anne V. de Guzman

Editor: Perlita G. Pagdanganan

Tagasuri: Agnes R. Bernardo, PhD
Engelbert Lagunday, PhD

Tagaguhit: Rafael E. Martinez

Tagapamahala: Nicolas T. Capulong, PhD
Librada M. Rubio, PdD
Ma. Editha R. Caparas, EdD
Nestor P. Nuesca, EdD
Gregorio C. Quinto, Jr., EdD
Rainelda M. Blanco, PhD
Agnes R. Bernardo, PhD

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.p

Music

Ika-Apat na Markahan–Modyul 3:
Tekstura ng Napakinggang Musika

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Music para sa Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Modyul 3 Aralin 1 hanggang 2 Tekstura ng Napakinggang Musika.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang

hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Music para sa Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Modyul 3 Aralin 1 hanggang 2 Tekstura ng Napakinggang Musika.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

 <i>Alamin</i>	Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.
 <i>Subukin</i>	Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.
 <i>Balikan</i>	Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.

 <i>Tuklasin</i>	Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.
 <i>Suriin</i>	Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.
 <i>Pagyamanin</i>	Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.
 <i>Isaisip</i>	Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.
 <i>Isagawa</i>	Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

 <i>Tayahin</i>	Ito ay gawain na naglalalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.
 <i>Karagdagang Gawain</i>	Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.
 <i>Susi sa Pagwawasto</i>	Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa ibang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahihirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sinoman sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Ang modyul na ito ay naghanda ng mga gawain na makatutulong sa iyo upang maisagawa ang tamang paggalaw na nakatuon sa tekstura ng napakinggang musika.

Ang modyul na ito ay nahati sa apat na aralin, ito ay ang mga sumusunod:

- Aralin 1 – Himig ng isang instrumento o boses
- Aralin 2 – Isahang himig na may saliw na tugtugin
- Aralin 3 – Dalawahan o higit pang himig na tinutugtog o inaawit ng magkasabay.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Natutukoy ang tekstura ng napakinggang musika mula sa himig na mayroon sa isang instrumento o boses,
2. Natutukoy ang tekstura ng napakinggang musika mula sa isahang himig na may saliw na tugtugin.
3. Natutukoy ang tekstura ng napakinggang musika mula sa dalawahan o higit pang himig na tinutugtog o inaawit ng magkasabay.



Subukin

Leron Leron Sinta

Folk song from the Philippines



Le - ron, le-ron, sin - ta, Bu - ko ng pa-pa - ya, Da - la - da-la'y bus - lo, Si - sid-lan ng sin
ta; Pag - da-ting sa du - lo'y, Na - ba-li ang sa-nga, Ka-pos ka-pa-la - ran, Hu - ma-nap ng i - ba.

bethsnotes.com

Gawin at sagutan ang mga sumusunod. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- Awitin nang mag-isa ang awit na “Leron Leron Sinta”.
- Sa iyong pag-awit, ano ang iyong napansin sa tekstura nito? Manipis ba o makapal? _____
- Humanap kapareha at sabay awitin ang awit na “Leron Leron Sinta”.
- Sa iyong pangalawang pag-awit nito, ano ang iyong napansin sa tekstura nito? Manipis ba o makapal? _

Aralin

1

Himig ng Isang Istrumento o Boses



Balikan

Awitin ang mga sumusunod na awitin. Tukuyin kung ang tempo nito ay mabagal o mabilis. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

- | | |
|------------------------|---------|
| 1. Tatlong Bibe | - _____ |
| 2. Bahay-Kubo | - _____ |
| 3. Maliliit na Gagamba | - _____ |
| 4. Ako ay may Lobo | - _____ |
| 5. Sampung mga Daliri | - _____ |



Tuklasin

Awitin ng mag-isa ang awiting “Sariling Himig” sa saliw ng tunog ng awiting “Sampung mga Daliri”

“Sariling Himig”

Orihinal na Likha ni Bb. Judy Anne V. de Guzman

Tayo ay may awitin
Na may isang himig
Makinig kayo, making tayo
Sa himig nito.

Maging ang instrumento
Ay may himig ito
Ang boses mo, ang boses ko
Himig pa rin ito.



Suriin

Tumingin ka sa iyong paligid. Ano ang iyong nakikita? Alam mo ba na sa bawat bagay na iyong nakikita, nahahawakan o darama ay lumilikha ng isang sariling tunog?

Halimbawa na lamang ay ang ibon. Ang huni ng ibon ay “twit-twit-twit”.

Maari mo bang gayahin ito?




Kung iyong mapapansin, ang himig ng huni ng isang ibon ay manipis o wala kang maririnig na ibang kahalo na tunog na kasama nito.

Ang manipis na himig ay nabubuo mula sa tunog na likha ng isang tao, hayop, bagay o instrumento.

Kung ang ang dalawang ibon ay sabay na huhuni, ito ay makapal.

Ang makapal na tekstura ay binubuong dalawa o higit pang pinagsamang tunog na maaaring manggaling sa pangkat ng tao, bagay, hayop o instrumento. Maari din na maging makapal ang tunog kung pagsasamahin ang himig ng tao, bagay, hayop, at istrumento.






Pagyamanin

A. Tukuyin kung ang himig ay manipis o makapal ayon sa nasa larawan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1.



2.



3.



4.



5.



B. Gumuhit ng isang nota  kung ang pangungusap ay naglalarawan ng manipis na himig, dalawang nota  naman kung ito ay makapal na himig. Isulat ang sa sagutang papel ang iyong sagot.

- _____ 1. Si Mary Joy ay mag-isang umaawit.
- _____ 2. Si Mang Tano at Nanay Anita ay madalas
awitin ang kanilang paboritong kanta.
- _____ 3. Ang aso ni Judy ay magdamag tumatahol.
- _____ 4. Si Ka Anita at ang kaniyang mga kaibigan ay
sabay-sabay na tumatawa.
- _____ 5. Ang banda ng musiko ay tumutugtog sa
entablado gamit ang iba't-ibang instrumento.



Isaisip

Sa isinagawang aktibidad, natukoy na ang musika na may sabay-sabay na tunog ay may _____ na tekstura. Ang himig na lumulikha ng isang tunog naman ay tinatawag na _____ na tekstura.



Isagawa

Ipakita ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (/) sa tapat na kahon.

	Makapal	Manipis
1. Ang bata ay umiiyak.		
2. Si Jelay at Selnita tumutugtog ng gitara.		
3. Masayang umaawit si Alona.		
4. Sabay-sabay sumisigaw ang mga bata.		
5. Ang mga manok ni Kuya Ryan ay pumuputak.		



Tayahin

Gumuhit ng bilog ○ kung ang wasto ang isinasaad ng bawat pangungusap, tatsulok △ naman kung mali. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

- ____ 1. Ang manipis na himig ay nagpapakita ng iisang tunog.
- ____ 2. Ang bata na umaawit ng mag-isa ay may makapal na himig.
- ____ 3. Binubuo ng dalawa o mahigit pang himig ang manipis na tunog.
- ____ 4. Ang sanggol na umiiyak ay lumilikha ng makapal na tunog.
- ____ 5. Ang pagtugtog ng piyano at gitara ay isang halimbawa ng makapal na himig.



Karagdagang Gawain

Gumupit ng tig limang imahe na nagpapakita ng manipis at makapal na himig. Idikit ito sa iyong sagutang papel.

Manipis na Himig	Makapal na Himig



Susi sa Pagwawasto

Subukin	Aralin 1	Aralin 1	Aralin 2	Aralin 3
Tamang hanay Lokasyon sa harap, general space Direksyon patungon g harapan o likuran Lebels mababa, mataas Pathways zigzag, pakurba Planes diagonal, horizontal	Balikán Malayang pagsagot at pagpapaliwa nag Surin Dipende sa rubrics Pagayamanin A. Zigzag Straight B. Diagonal 6. Mali 7. Tama 8. Tama 9. Tama 10. Mali	Isaisip 6. lokasyon 7. direksyon 8. lebels 9. pathways 10. planes Isagawa 6. patungon g kaliwa o kanan 7. General space 8. zigzag 9. mataas 10. personal space Tayahin 6. x 7. / 8. / 9. / 10. / Karagdagan 6. sa itaas 7. patungo sa apat na direksyon 8. mataas 9. zigzag 10. horizontal	Balikán Malayang pagsagot at pagpapaliwanag Surin Tamang pagsunod sa panuto A. Tamang pagsunod sa panuto B. 5. x 6. / 7. / 8. x	Isaisip 6. lokasyon 7. forward, backward, d and sideward directions 8. lebels 9. zigzag 10. vertical Isagawa 6. Lokasyon 7. direksyon 8. lebel 9. direksyon 10. lebel Tayahin 6. x- lokasyon 7. x- lokasyon 8. -/ direksyon 9. x- lokasyon 10. -/ lokasyon Karagdagan 6. e 7. c 8. a 9. b 10. f

Aralin

2

Isahang Himig na may Saliw na Tugtugin




Balikan

Hanapin sa Hanay B ang letra ng tunong ng mga larawan na nasa Hanay A. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Hanay A

1.



2.



3.



4.



5.



Hanay B

a. "ting-ting"

b. "tsug-tsug-tsug"

c. "twit-twit-twit"

d. "hiss...hiss..."

e. "kling..kling..kling"



Tuklasin

Basahin ang maikling kwento upang masagutan ang sumusunod na mga katanungan.

Magkapatid na Musikera

Orihinal na Likha ni: Bb Judy Anne V. De Guzman



Ang magkapatid na Maya at Nina ay kapwa may talento sa larangan ng musika. Si Maya ay may malamig na tinig na nakapupukaw-pansin sa panding ng mga tao. Si Nina naman ay may mahusay na kamay na kaniyang nagagamit sa pagtugtog ng mga instrumentong musical. Ugali nang magkapatid na sabay magtanghal sa kanilang paaralan, dahil dito hinahangaan sila ng kapwa nila mag-aaral sa kanilang paaralan.

Sa iyong palagay, paano nagtatanghal ang magkapatid na Maya at Nina sa kanilang paaralan?



Suriin

Nakapanuod ka na ba ng pagtatanghal nang mga mang-aawit? Sa pagtatanghal mayroong umaawit na sinasaliwan ng musika at mayroon naman boses lamang.


Ang pag-awit na ginagamitan ng boses lamang ay isang halimbawa ng manipis na tunog.



Katulad na lamang ng magkapatid na Maya at Nina sa kwentong iyong binasa. Si Maya ay may malamig na tinig, maaari siyang magtanghal ng may iisang himig o tunog gamit ang kaniyang sariling talento.

Samantala, kung sasaliwan ni Maya ang kaniyang awitin ng tugtog na lilikhain ni Nina gamit ang instrumento silang dalawa ay makalilikha ng maraming himig o tunog.





Pagyamanin

A. Pakinggan recorded music na patutugtugin ng iyong guro. Tukuyin kung ang musika na pinatugtog ay may iisang himig o maraming himig. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Isaisip

Ano ang nabubuong tunog sa isang boses na sinasaliwan ng musika?

Ang isang boses na sinasaliwan ng musika ay makabubuo ng maraming himig o makapal na tunog.



Isagawa

Sundin ang mga sumusunod na panuto.

1. Mag-ikot sa inyong paligid at maghanap ng mga *indigenous materials* na maaring magamit sa inyong presentasyon.

halimbawa:

plastik na bote, patpat at iba pa.

2. Pumili ng isa sa mga sumusunod na awitin:
 - a. Bahay-kubo
 - b. Leron Leron Sinta
 - c. Sitsiritsit
 - d. Tatlong Bibe
3. Magsanay na umawit sa saliw ng napili ninyong awitin.
4. Gamitin ang nakuha ninyong mga *indigenous materials* patugtugin ito habang kayo ay umaawit.
5. Maghanda sa inyong presentasyon.

Ipakita sa inyong magulang ang nabuo mo na presentasyon. Mamarkahan ng magulang ang inyong likha sa pamamagitan ng rubrics.

RUBRICS

	3	2	1
1. Naipamalas ng buong husay ang presentasyon			
2. Naawit ng buong husay ang napiling awitin.			
3. Nagamit ng wasto ang napiling <i>indigenous materials</i> upang maipakita ang maraming himig o makapal na tunog.			
Total			

3 – Buong husay na naipamalas ang presentasyon.

2 – Mahusay na naipamalas ang presentasyon.

1 – Kailangan pa ng ibayong pagsasanay.



Tayahin

Ipalakpak ang iyong mga kamay ng isang beses kung ang isinasaad ng pangungusap ay may manipis na himig, dalawang palakpak naman kung may makapal na himig.

1. Si Aling Fely ay madalas umawit ng mag-isa.
2. Sinasabayan ni Jasmin ng pag-awit ang naririnig niyang tunog ng trumpeta.
3. Si Berto ay tumutugtog ng gitara gabi-gabi.
4. Masayang tinutugtog ni Anna ang kaniyang piano habang inaaawit ang paborito niyang awitin.
5. Si Lenlen ay kumakanta ng Leron Leron Sinta.



Susi sa Pagwawasto

Subukin	Aralin 1	Aralin 1	Aralin 2	Aralin 3
Tamang hanay Lokasyon sa harap, nagpapaaliwa general space Direksyon patungon g harapan o likuran Lebels mababa, matas Pathways zigzag, pakurba Planes diagonal, horizontal	Balikán Malayang pagsagot at pagpapaliwa nag Surin Dipende sa rubrics Pagpamamam A. 1. Zigzag 2. Straight 3. Diagonal B. 1. Mali 2. Tama 3. Tama 4. Tama 5. Mali	Isaisip 1. lokasyon 2. direksyon 3. lebels 4. pathways 5. planes Isagawa 1. patungon g kaliwa o kanan 2. General space 3. zigzag 4. matas 5. personal space Tayahin 1. x 2. / 3. / 4. / 5. / Karagdagang Gawain 1. sa itas 2. patungo sa apat na direksyon 3. matas 4. zigzag 5. horizontal	Balikán Malayang pagsagot at pagpapaliwanag Tamang pagsunod sa panuto Surin pagpapaaliwanag A. Tamang pagsunod sa panuto B. 1. x 2. / 3. / 4. x	Isaisip 1. lokasyon 2. forward, backward, d, and sideward directions 3. lebels 4. zigzag 5. vertical Isagawa 1. Lokasyon 2. direksyon 3. lebels 4. direksyon 5. lebels Tayahin 1. x- lokasyon 2. x- lokasyon 3. /- lokasyon 4. x- direksyon 5. /- lokasyon Karagdagan g Gawain 1. e 2. c 3. a 4. b 5. f

Aralin

3

Dalawa o Higit pang Himig na Tinutugtog o Inaawit ng Magkasabay



Balikan

Kulayan ng pula ang bilog kung ito ay nagpapakita ng maraming tunog at bughaw naman kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- ☐ 1. Pag-awit ng may saliw na musika.
- ☐ 2. Paghuni ng ibon.
- ☐ 3. Pagpukpok ng mga bote habang sumisigaw.
- ☐ 4. Pag-iyak ng sanggol habang tumutugtog ang radyo.
- ☐ 5. Pagpalakpak habang inaawit ang “Maligayang Kaarawan”



Tuklasin

Bumuo ng pangkat at awitin sabay-sabay ang
“Kapal ng Himig” sa saliw ng tono ng awiting Sitsiritsit.

Kapal ng Himig

Orihinal na Komposisyon ni: Bb Judy Anne V. de Guzman

Ang awitin, pag-inawit
Mabubuo kaniyang himig
Instrumento at himig
Tunog iyong madidinig.

Maaaring pagsamahin
Instrumento at inyong himig.
Kapag maraming nadidinig
Makapal ang kaniyang himig



Suriin

Basahin at unawain ang maikling kwento.

Ang Banda ni Richard

Orihinal na Likha ni Bb. Judy Anne V. de Guzman

Si Richard ay isang talentadong bata, biniyayaan siya ng maganda at kaakit-akit na boses ngunit pakiramdam niya ay may kulang sa kaniyang pag-awit. Upang lubos na maipamalas ang kaniyang kakayahan, sumali siya sa isang banda na binubuo ng walong miyembro. Napansin ni Richard ang kaibahan ng kaniyang awit noong siya ay mag-isa, at ngayon siya ay umaawit kasama ang kaniyang banda. Galak na galak siya sa kaniyang bagong paraan ng pag-awit.

Ayon sa iyong nabasang kuwento, bakit na naging mas masaya si Richard noong sumali siya sa banda?

Ang maramihan o sabayang pag-awit ay nagbibigay o lumilikha ng magandang kalidad ng himig o awitin. Nagkakaroon ito ng iba't-ibang tono, maaaring may mataas na tono, mababang tono, at malakas na tono. Isa rin ito sa mga dahilan kung bakit makapal ang nabubuong himig.

Ayain ang bawat miyembro ng pamilya upang awitin ng sabay-sabay ang awiting “Nasaan ang Sila?” sa saliw ng tugtugin na Where is Thumbkin.

“Nasaan Sila?”

Orihinal na Likha ni Bb. Judy Anne V. de Guzman


Nasaan ka Tatay, nasaan ka Tatay

Nandito, nandito

Kumusta ka tatay, kumusta si tatay

Masaya, hahaha

(nanay, ate, kuya, bunso)



Pagyamanin

Awitin ng may makapal na tunog o himig ang mga awiting “Bahay Kubo”. Mamarkahan ng iyong magulang ang inying pag-awit gamit ang rubriks.

RUBRICS

	3	2	1
1. Naipamalas ng buong husay ang presentasyon			
2. Naawit ng buong husay ang napiling awitin.			
3. Nagamit ng wasto ang na piling <i>indigenous materials</i> upang maipakita ang maraming himig o makapal na tunog.			
Total			

3 – Buong husay na naipamalas ang presentasyon.

2 – Mahusay na naipamalas ang presentasyon.

1 – Kailangan pa ng ibayong pagsasanay.



Isaisip

Paano mo matutukoy na ang isang awitin ay may makapal na himig o tunog.

Ang makapal na himig o tunog ay binubuo ng dalawa o higit pang tunog mula sa iba't-ibang himig ng tao, bagay, hayop o instrumento.



Tayahin

Pakinggang mabuti ang musikang patutugtugin ng iyong guro. Bilangin ang tunog na bumubuo sa awiting iyong napakinggan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Susi sa Pagwawasto

Subukin	Aralin 1	Aralin 1	Aralin 2	Aralin 3
Tamang hanay Lokasyon sa harap, general space Direksyon patungon g harapan o likuran Lebels mababa, mataas Pathways zigzag, pakurba Planes diagonal, horizontal	Balikán Malayang pagsagot at pagpapaliwa nag Surin Dipende sa rubrics Pagayamanin A. Zigzag Straight B. Diagonal 11. Mali 12. Tama 13. Tama 14. Tama 15. Mali	Isaisip 11. lokasyon 12. direksyon 13. lebels 14. pathways 15. planes Isagawa 11. patungon g kaliwa o kanan 12. General space 13. zigzag 14. mataas 15. personal space Tayahin 11. x 12. / 13. / 14. / 15. / Karagdagan 11. sa itaas 12. patungo sa apat na direksyon 13. mataas 14. zigzag 15. horizontal	Balikán Malayang pagsagot at pagpapaliwanag Surin Tamang pagsunod sa panuto Pagayamanin A. Tamang pagsunod sa panuto B. 9. x 10. / 11. / 12. x	Isaisip 11. lokasyon 12. forward, backward, and sideward directions 13. lebels zigzag vertical 15. vertical Isagawa 11. Lokasyon 12. direksyon 13. lebels 14. direksyon 15. lebels Tayahin 11. x- lokasyon 12. x- lokasyon 13. -/ direksyon 14. x- lokasyon 15. -/ lokasyon Karagdagan 11. e 12. c 13. a 14. b 15. f

Sanggunian

"K TO 12 GRADE 2 LEARNING MATERIAL IN MAPEH."

LinkedIn SlideShare, March 7, 2014.

<https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning-material-in-mapeh>.

Cnavez, John, Rogelio Falcutilla, Corazon Flores, and Rhodora Peña. 2013. "Music, Art, Physical Education And Health". K12resources.Files.Wordpress.Com. <https://k12resources.files.wordpress.com/2014/02/gr2-mapeh-lm.pdf>.

"LR Portal". 2020. Deped LR Portal.

<https://lrmds.deped.gov.ph/detail/4825>.

"Musical Texture Activity For Grades K-2 - S&S Blog". 2020.

S&S Blog. <https://www.ssw.com/blog/pathways-directionsstations-pe-activity-grades-k-2/>.

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 634-1072; 634-1054; 631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph